REPUBLIKA NG PILIPINAS

# PAMAHALAANG BAYAN NG MUNTINLUPA

KALAKHANG MAYNILA

SANGGUNIANG BAYAN

## KAPASIYAHAN BILANG 38

**KAPASIYAHAN NA HINIHILING SA LAHAT NG MGA PUNONG BARANGAY NA ATASAN ANG LAHAT NG "POLICE AIDES" NA MAGSUOT NG KAUKULANG UNIPORME AT NASA TAKDANG DESTINO AT BIGYAN NG SIPI ANG SANGGUNIANG BAYAN NG KANI-KANILANG MGA TAKDANG GAWAIN O DESTINO.**

* * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * * *

SAPAGKAT, ang pagbibigay ng katahimikan, katiwasayan at kaayusan ng Bayan ng Muntinlupa ay isa sa mga pangunahing gawain ng mga Punong Barangay at ng kanilang mga Police Aides;

SAPAGKAT, ang mga Police Aides ay nagsisilbing parang mga tunay na pulis na magbibigay babala sa mga taong may balak gumawa ng masama o lalabag sa batas upang mapairal ang kaayusan sa lugar na kanilang pinagsisilbihan;

SAPAGKAT, ang unipormadong Police Aide na nasa kanyang takdang gawain o destino ay madaling makikita at makikilala ng mga taong nais humingi ng tulong o saklolo kumpara sa kung ito ay hindi naka-uniporme;

SAPAGKAT, ang Police Aide ay madaling hanapin ng mamamayan na nangangailangan ng tulong kung alam ng mga ito ang kani-kanilang mga puwesto o destino;

NGAYON,DAHIL DITO, ang Sangguniang Bayan ay hinihiling sa lahat ng Punong Barangay na atasan ang lahat ng Police Aides na magsuot ng kaukulang uniporme at nasa takdang destino at bigyan ng sipi ang Sangguniang Bayan ng kani-kanilang mga takdang gawain o destino at hinihiling din na ipatupad kaagad ang kapasiyahan ito sa lalong madaling panahon.

PINAGPASIYAHAN PANG MULI, na bigyan din ng sipi ang Station Commander ng Muntinlupa Police Force na si P/Lt.Col. Silvestre Rosaura.

PINAGTIBAY NG BUONG PAGKAKAISA ng Sangguniang Bayan ng Muntinlupa, Kalakhang Maynila sa kanilang pangdalawampu't isang (21st) pangkaraniwang pulong na ginanap noong ika-11 ng Hulyo, 1988.

PINATUTUNAYANG TUTOO:

Atty. JAIME R. FRESNEDI
Pansamantalang Panguleng
Opisyal

PINATOTOHANAN :

RAUL R. CORRO
Kalihim Bayan

PINAGTIBAY : Hulyo 11,1988

RRC:vts